



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATTIKAN NG IKA-100 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA - 8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 20, 2015, IKA - 1:00 NG IIAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY SAN MARIANO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Gualberto M. Magno	
Konsehal David D. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Elsie F. Galaran	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Joseph M. Galicia	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo:

Councilor Johnell C. Siñel

KAPASYAHAN BLG. 062

Taong 2015

KAPASYAHAN NG NAGPAPABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN MARIANO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKAT, isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makakatulong sa pag-unlad ng tao at ng pamayanan;
- SAPAGKAT, ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang Makita at madama ng mga namumuno sa nakatataas nay unit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karamihan ng mga taong-bayan at sa gayon sa pagtutulongan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;
- SAPAGKAT, isa sa nakikitang magandang hakbang ay ang pagdaraos ng sesyon ng Sangguniang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyalogo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan nito;
- SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;

SAPAGKAT, sa Barangay San Mariano na ikalawang barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Hulyo 20, 2015 naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at malugod na pagtanggap na isinagawa ng Sangguniang Barangay at ng mga mamamayan ng barangay.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang tauspusong pasasalamat sa Sangguniang Barangay ng Barangay San Mariano at sa mga mamamayan nito sa mainit na pagtanggap sa Sangguniang Dayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa kanilang barangay.

IPINASYA RIN, na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Sangguniang Barangay ng San Mariano sa pamamagitan ni Punong Barangay Ramel S. Emano para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay : 20 Hulyo 2015

PINATUTUNAYANG WASTO:


MERCEDITA B. VILLALOBOS
Tumayong Kalihim Sangguniang Bayan

PINAGTIRAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor
Presiding Officer